PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ

21 ng Disyembre

2017-12-21
Leksyonaryo Bilang 197

MAAARING AWIT SA PAGTITIPON
Purihi't Pasalamatan | Simplicio Esteban at E. Hontiveros SJ
Halina't Umawit | Flores, Villaroman
Panginoón ay Darating, Ang

PANGINOÓN, KAAWAÁN MO KAMÍ.

LITÚRHIYA NG SALITÂ

UNANG PAGBASA.....Propeta Sofonias 3:14-18a

Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Sofonias

Umawit ka nang malakas,
Lunsod ng Sion:
sumigaw ka, Israel!
Magalak ka nang lubusan,
Lunsod ng Jerusalem!
Ang mga nagpaparusa sa iyo ay inalis na ng Panginoón,
at itinapon niyá ang inyóng mga kaaway.
Nasa kalagitnaan mo ang Hari ng Israel,
ang Panginoón;
wala nang kasawiang dapat pang katakutan.

Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem:
“Huwag kang matakót, Sion;
huwag manghina ang iyong loob.
Nasa piling mo ang Panginoóng iyong Diyós,
parang bayaning nagtagumpay;
makikigalak siyá sa iyong katuwaan,
babaguhin ka ng kaniyáng pag-ibig;
at siyá’y masayang aawit sa laki ng kagalakan,
gaya ng nagdiriwang sa pista."

TUGÓN SA SALMO

Panginoo’y papurihan ng tapat n’yang sambayanan!

Salmo 32 Vic Romero



Ang salin sa Tagalog ng Tugón sa Salmo mulâ sa *Ang Pagpapahayág ng Salitâ ng Diyos*
© 2006 Panayám ng mga Katólikong Obispo sa Pilipinas,
Lupon Rehiyonál ukol sa Tagalog sa Litúrhiyá.
Tugtugin © 2010-2015 Vic Eclar Romero. magsimba.com. All rights reserved.

SALMO: Awit 033:2-3, 11-12, 20-21

Ang Panginoóng Diyós ay pasalamatan,
tugtugin ang alpa't awit ay saliwan.
Isang bagong awit, awiting malakas,
kasaliw ang tugtog ng alpang marilag!

Ngunit ang mga panukala ng Diyós
ay mamamalagi't walang pagkatapos.
Mapalad ang bansang Panginoo'y Diyós,
mapalad ang bayang kaniyáng ibinukod.

Ang ating pag-asa'y nasa Panginoón;
siyá ang sanggalang natin at katulong.
Dahilan sa kaniyá, kami'y natutuwa,
sa kaniyáng ngalan ay nagtitiwala.

PAMBUNGAD SA MABUTING BALITÀ

O Sinag ng Bukang-Liwayway at araw ng kaligtasan, halina't kami'y tanglawan.



Tugtugin © 2013-2014 Vic Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

MABUTING BALITÀ.....Mabuting Balita ayon kay San Lucas 1:39-45

Ang Mabuting Balita ng Panginoón ayon kay San Lucas
Si Maria'y nagmamadaling pumunta
sa isang bayan sa kaburulán ng Judea.

Pagdating sa bahay ni Zacarias,
binati niyá si Elisabet.
Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria,
naggagalaw ang sanggol sa kaniyáng tiyan.

Napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet,
at buong galak niyáng sinabi,
"Bukod kang pinagpala sa babaing lahát
at pinagpala naman ang iyong dinadalang anak!
Sino akó
upang dalawin ng ina ng aking Panginoón?
Sapagkat pagkarinig ko ng iyong bati
ay naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa aking tiyan.
Mapalad ka
sapagkat nanalig kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoón!"

HOMILYA

PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

PANALANGIN NG BAYAN
. . a. Para sa Simbahan, ang Bayan ng Diyós
. . b. Para sa mga Kinaúukulan
. . c. Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakít at Yumao
. . d. Para sa mga Dumaló sa Misa Dito at Ngayón

LITÚRHIYÁ NG EUKARISTIYA

MAAARING AWIT SA PAG-AALAY
Halina, O Emanuel
Halina, Hesús | Rene Javellana SJ at E. Hontiveros SJ
Halina, Hesús, Aming Mananakóp | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ

SANTO, SANTO, SANTO

PAGBUBUNYÍNG PANG-ALAALA

DAKILANG AMEN

PANALANGIN NG PANGINOÓN

KORDERO NG DIYÓS

MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG
Sa Amang Mahal Sumilang (Of the Father's Love Begotten)
Halina, D'yos Mesias (O Come, Divine Messiah)

MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ
Purihi't Pasalamatan | Simplicio Esteban at E. Hontiveros SJ
Halina, Hesús | Rene Javellana SJ at E. Hontiveros SJ

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».
Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».
r
Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin
sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

21 ng Disyembre | 2017-12-21 | Leksyonaryo 197 | Gulóng 2
Halaw ang mga Pagbasa sa Magandáng Balità Bíblia © 1980 Philippine Bible Society.
www.bible.org.ph
Litúrhiya. Filipino. www.magsimba.com